



2024 - 2029

# ESTRATEHIKONG PLANO

California Department of State Hospitals



## KAMI ANG DSH

Pangangalaga ngayon para sa isang ligtas at malusog na bukas.

# Mensahe mula sa Direktor

Estratehikong Plano 2024 – 2029

Sa ngalan ng Department of State Hospitals (DSH, Kagawaran ng mga Ospital ng Estado), ikinalulugod kong ibahagi ang aming Estratehikong Plano ng DSH para sa 2024–2029.

Saklaw ng aming plano ang **Bakit tayo naririto, Saan tayo patungo, at Paano tayo makakarating doon.** Nagsisilbi ito para pagkaisahin tayo, ang aming mga pasyente, kasosyo, at stakeholder, at gabayan tayo nang magkasama sa ating misyon upang: *Magbigay ng pagsusuri at paggamot para sa mga indibidwal na may kumplikadong mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali sa isang ligtas, patas at responsableng paraan, sa pamamagitan ng pangunguna sa pagbabago at kahusayan sa kabuuan ng isang nagpapatuloy na pangangalaga.*

Nagpapatrabaho kami sa halos 13,000 mahuhusay na miyembro ng team, na nangangalaga sa mga indibidwal na may pinakamalulubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali. Mayroon kaming limang lokasyon ng ospital sa buong estado ng California: Atascadero, Coalinga, Metropolitan, Napa, at Patton, kasama ang aming mga tanggapan ng administratibo at programa na matatagpuan sa Sacramento. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga ahensya sa kalusugan ng pag-uugali ng county, mga departamento ng sheriff, at mga pribadong provider, pinangangasiwaan namin ang iba't ibang mga programa sa paggamot sa mga komunidad at mga bilangguan ng county sa buong California na naglilingkod sa mga indibidwal na inutusan ng mga Superior Courts at Board of Parole Hearings ng California na pumunta sa DSH para sa paggamot. Bagama't nakakalat sa heograpiya, ang aming Misyong, Bisyon, mga Layunin, at mga Pagpapahalaga ay nag-uugnay sa amin sa aming pangako na magbigay ng pinakamataas na antas ng pangangalaga at paggamot.

Ang aming Estratehikong Plano sa 2024–2029 ay isinusulong ang mga pangunahing elemento mula sa aming nakaraang plano, na nagbibigay-diin sa pagpapatuloy sa aming bisyon at misyon, habang kinikilala ang mga pagkakataon para sa karagdagang pokus. Nagpakilala tayo ng karagdagang pangunahing pagpapahalaga: **Ekidad.** Binibigyang-diin ng pagpapahalagang ito ang aming paniniwala sa paglikha ng isang inklusibong kapaligiran kung saan ang bawat indibidwal ay iginagalang at pinahalalagan, at kung saan ang magkakaibang pananaw ay



**Stephanie Clendenin**

Direktor, Department of State Hospitals

hindi lamang tinatanggap, ngunit mahalaga sa aming tagumpay. Ang pagiging patas sa paghahatid ng aming mga serbisyo ay mahalaga sa aming layunin at kung paano namin isinasagawa ang aming misyon sa DSH.

Higit pa rito, nagdagdag kami ng bagong layunin—Magandang Lugar na Pinagtatrabahuhan—na idinisenyo upang ipakita na ang aming organisasyon ay isang lugar kung saan ang aming mga tauhan ay nakakaramdam na sila ay sinusupportahan, may kapangyarihan, at may motibasyon upang makamit ang kanilang pinakamakakaya. Palagi naming hinahangad na maging isang magandang lugar na pinagtatrabahuhan; pinatitibay namin ito ngayon. Sama-sama bilang isang team, kami ang DSH, at itinataguyod namin ang isang kapaligiran kung saan maaabot ng mga miyembro ng team ang kanilang buong potensyal at gumawa ng pagkakaiba sa mga taong pinakanangailangan nito at sa mga naglilingkod sa kanilang tabi.

Kami ay lubos na nagpapasalamat sa mga kontribusyon ng aming mga miyembro ng team, mga pasyente, mga katuwang at mga stakeholder tungo sa aming bisyon, misyon at mga layunin. Sama-sama, gumagawa kami ng pagkakaiba para sa mga taga-California na may pinakamasalimuot na pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali. Inaanyayahan kita na suriin ang aming Estratehikong Plano at taos-puso akong nagpapasalamat sa iyo sa pagsuporta sa aming paglalakbay.



# Mapa ng Estratehiya ng DSH



## Bisyon

Pangangalaga Ngayon para sa isang Ligtas at Malusog na Bukas.

## Misyon

Nagbibigay kami ng pagsusuri at paggamot para sa mga indibidwal na may kumplikadong mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali sa isang ligtas, patas at responsableng paraan, sa pamamagitan ng pangunguna sa pagbabago at kahusayan sa kabuuan ng isang nagpapatuloy na pangangalaga.

### MGA LAYUNIN

#### Kaligtasan para sa Lahat

Itaguyod ang isang nakakagaling na sistema ng pangangalaga na tumutugon sa mga pangangailangang pisikal, emosyonal, at pangkapaligiran ng mga pasyente at miyembro ng team.

#### Magandang Lugar na Pinagtatrabahuhan

Linangin ang diwa ng ekidad, teamwork, at katuparan na umaakit, nagpapanatili, nakikipag-ugnayan, at nagpapaunlad ng magkakaibang mga talento ng mga miyembro ng aming team.

#### Makabagong Paggamot at Forensic na Pagsusuri

Pahusayin ang mga resulta para sa pasyente sa pamamagitan ng pananaliksik, edukasyon, pamumuno sa pag-iisip, at pagpapatupad ng mga kasanayang nakabatay sa ebidensya.

#### Kahusayan sa Pagpapakabo

Maghatid at patuloy na pahusayin ang mga programa at serbisyo sa paraang maaasahan upang suportahan ang mga positibong karanasan para sa mga pasyente, miyembro ng team, katuwang, at stakeholder.

#### Pinagsamang Continuum ng Kalusugan ng Pag-uugali

Proaktibong makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga panloob at panlabas na katuwang at stakeholder upang mapabuti ang pagsasama at kontribusyon ng DSH sa buong continuum ng kalusugan ng pag-uugali ng California.

### MGA PANGUNAHING PAGPAPAHALAGA

# Misyon

## **BAKIT TAYO NARITO?**

Magbigay ng pagsusuri at paggamot para sa mga indibidwal na may kumplikadong mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali sa isang ligtas, patas at responsableng paraan, sa pamamagitan ng pangunguna sa pagbabago at kahusayan sa kabuuan ng isang nagpapatuloy na pangangalaga.

# Bisyon

## **SAAN TAYO PATUNGO?**

Pangangalaga ngayon para sa isang ligtas at malusog na bukas.

# Mga layunin.

## **PAANO TAYO MAKAKARATING DOON?**

Sa pagpapanatili sa ating napapanahon sa kung saan tayo patungo, ang aming mga layunin ay nagsisilbing gabay sa ating mga priyoridad, desisyon at aksyon. Ang aming mga layunin ay mahalaga para sa pag-udyok ng patuloy na pag-unlad at pagtitiyak na kami ay nananatiling nakatutok sa pagkamit ng aming mga pangmatagalang layunin.

# Mga Layunin ng DSH

# 1

## Kaligtasan para sa Lahat

• • • • •  
UNANG LAYUNIN

### KALIGTASAN PARA SA LAHAT

- Gawing mas ligtas para sa mga miyembro ng team na magtrabaho at para sa mga pasyente na gumaling at gumaling gamit ang mga pamamaraan at pinakamahusay na kasanayan na nakasentro sa tao at binibigyang-kaalaman ng data sa kaligtasan at seguridad sa ospital.
- Palawakin ang paggamit ng mga proactive na nakakagaling na tool at estratehiya upang mabawasan ang pangangailangan para sa mga pisikal na interbensyon ng miyembro ng team.
- Maghanda para sa at baguhin ang kasanayang pang-emerhensya sa pamamagitan ng mga patakaran, pagpapalano, at kasanayan.




# 2

## Magandang Lugar na Pinagtatrabahuan

•••••  
IKALAWANG LAYUNIN

### MAGANDANG LUGAR NA PINAGTATRABAHUAN

- Isamoderno ang pakikipag-ugnayan at ibahagi ang aming kwento para mag-recruit at magpanatili ang mahuhusay, iba-iba, at ganap na may tauhan na puwersa ng paggawa.
- Ganap na tanggapin ang pag-iisip na "mga tao muna" upang bigyang-prioridad ang pag-aalaga at pagpapasigla sa aming mga team, pagpapatatag ng pakikipagtulungan, at paghihikayat sa pagbabago.
- Mag-invest sa at panatilihin ang nangungunang talento sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga career pathway, propesyonal na pag-unlad, pagtatasa, pagtuturo at paggabay.
- Pahasayin ang pakikibahagi at inklusyon sa pamamagitan ng napatunayan at makabagong mga pamamaraan na sumusuporta sa pagkakaiba-iba at lahat ng miyembro ng team na ginagawa ang kanilang makakaya sa trabaho.



## Makabagong Paggamot at Forensic na Pagsusuri

•••••  
IKATLONG LAYUNIN

### MAKABAGONG PAGGAMOT AT FORENSIC NA PAGSUSURI

- Pahusayin ang mga resulta para sa pasyente sa pamamagitan ng paggamit ng data, teknolohiya, at mga makabagong pamamaraan ng paggamot na nakabatay sa ebidensya.
- Isulong ang paggaling sa pamamagitan ng paggamot sa mga pasyente sa mga kapaligirang may pinakamababang paghihigpit sa loob ng continuum ng kalusugan ng pag-uugali.
- Itaguyod ang isang inklusibong kapaligiran at kultura ng paggamot na may kaalaman sa trauma na nagtataguyod ng ekidad, awtonomiya, katatagan, kalinawan at pagbibigay ng kapangyarihan.
- I-optimize ang kalidad ng mga forensic na pagsusuri sa pamamagitan ng paggamit ng pinakamahuhusay na kasanayan, mga diskarte sa debiasing, at kakayahan sa kultura at pagpapakumbaba.
- Gamitin ang klinikal na pananaliksik, pagsusuri ng programa, at akademikong literatura upang ipaalam sa paggamot at upang turuan at makipagtulungan sa may malawak na hanay ng mga stakeholder.



## Kahusayan sa Pagpapatakbo

•••••  
IKAAPAT NA LAYUNIN

### KAHUSAYAN SA PAGPAPATAKBO

- Bawasan ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagbuo ng mga patakarang ipinaalam ng mga taong may tunay na karanasan at datos.
- I-optimize ang pagkakahanay ng organisasyon sa pamamagitan ng epektibong komunikasyon, pamamahala, at pamamahala sa pagbabago.
- Pagbutihin ang mga karanasan at resulta para sa pasyente, miyembro ng team, at katuwang sa pamamagitan ng pagbabago at sa pamamagitan ng pagpapasimple ng mga pamamaraan at kasanayan.





**Pinagsamang  
Continuum ng  
Kalusugan  
ng Pag-uugali**  
IKALIMANG LAYUNIN

**PINAGSAMANG CONTINUUM NG  
KALUSUGAN NG PAG-UUGALI**

- I-optimize ang pagkakahanay ng mga patakaran, kasanayan, at mga sistema ng impormasyon upang mas mahusay na maisama sa continuum ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali ng California.
- Pahasayin ang mga pagtransisyon ng pasyente sa buong continuum ng kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng pagpapalakas ng parehong panloob at panlabas na pakikipagtulungan.
- Magbigay ng pamumuno sa pag-iisip sa mga inisyatiba sa kalusugan ng pag-uugali sa buong estado upang madagdagan ang pag-access sa pangangalaga sa mga taga-California na may mga kumplikadong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.

# Mga Pagpapahalaga ng DSH



## KALIGTASAN

Pagprotekta sa pisikal at emosyonal na kagalingan ng mga pasyente at miyembro ng team. Pagtataguyod ng nakakagaling at kumportableng kapaligiran para mamuhay, makapagtrabaho, at makatanggap ng paggamot.



## PAGGAMOT

Pagbibigay sa mga pasyente ng mapagmalasakit at responsableng pangangalaga. Pagsasama ng mga kasanayang nakabatay sa ebidensya sa buong pagpapatuloy ng pangangalaga upang mapabuti ang mga resulta para sa pasyente.



## RESPONSIBILIDAD

Pag-ako sa aming papel at pagbibigay-pansin sa kung paano nakakaambag sa misyon ang aming mga pag-uugali at pagkilos. Pagpapamalas ng integridad, mataas na pagganap, pangangalaga, dignidad, at teamwork. Pagbibigay at pagtugon sa nakakatulong na feedback bilang mga pagkakataon para matuto at umunlad.



## KOMUNIKASYON

Pagbuo ng mga ugnayan at pagpapanatiling may kaalaman ng iba upang suportahan ang aming pinakamahusay na gawain. Malinaw na pagpapahayag at pag-unawa sa impormasyong kailangan upang maisakatuparan ang mga layunin. Pagbabahagi ng mga nauukol na update sa paraang napapanahon.



## EKIDAD

Pagtanggap sa iba't ibang pananaw, mga karanasan, kultura, pagkakakilanlan, at kakayahan upang madama ng mga miyembro ng team at ng mga pasyente na sila ay kabilang at pinahahalagahan. Pagtrato sa lahat nang may paggalang at respeto. Pagpapabuti ng pantay na pag-access at mga resulta para sa lahat.





## KAMI ANG **DSH**

Pangangalaga ngayon para sa isang ligtas at malusog na bukas.